Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA NOONG ABRIL 11, 2011, LUNES, SA GANAP NA IKA- 9:45 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Jun M. Asinas | ... | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kagalang-galang Florencio C. Odejar | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laarni A. Malibiran | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rolando Moises E. Acapulco | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Serafin C. San Juan, Jr. | ... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ronald P. Obligacion | ... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kagalang-galang Jose Mauro D. Gabinete | ... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LOUIE C. DE LEON | ... | PANG. PUNONG BAYAN nasa bakasyon |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ... | Kagawad – nagpaalam |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ... | Kagawad |

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 06-T'2011

**KAUTUSANG NANGANGALAGA SA KALIKASAN AT NAGREREGULA SA PAGGAMIT AT PAGBEBENTA NG MGA POLYSTERENE MATERIALS TULAD NG MGA PLASTIK BAG, SELOPIN AT STYROFOAM O MGA BAGAY NA DI NABUBULOK NA GINAGAMIT BILANG BALUTAN NG MGA PINAMILI AT IPINAGBIBILING MATERYALES SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT NAGPAPATAW NG KAUKULANG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO.**

**May-akda - Kgg. Kag. Rizaldy N. Kalaw**

**SAPAGKA'T**, itinatakda sa probisyon ng ating konstitusyon na, "that the state shall protect & advance the right of the rhythm & harmony of nature";

**SAPAGKA'T,** sang-ayon din sa Batas Republika Blg. 7160 o Local Government Code of 1991, inaatasan ang mga yunit ng pamahalaang lokal na makibahagi sa pananagutan ng pambansang pamahalaan, sa pamamalakad at pagpapanatili ng balanseng ekolohiya sa nasasakupan ng kanilang teritoryo, ayon sa pagsunod sa Republic Act 9003;

**SAPAGKA'T,** laganap na ang paggamit ng polysterene materials tulad ng mga plastik bag, selopin at styrofoam o mga bagay na di nabubulok na ginagamit bilang balutan ng mga pinamili at ipinagbibiling materyales sa lahat ng komersyal na establisimiyento sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**SAPAGKA'T**, sa kabila ng mga ginagawang pagbubukud-bukod ng mga materyales na ito ay nananatili pa ring suliranin ito lalo na kung itatapon sa mga kanal, sapa, ilog at iba pang daanan ng tubig lalo na sa tuwing umuulan na nagiging sanhi ng pinsala sa kapaligiran patungo sa lawa ng Laguna.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Kagawad Serafin C. San Juan, Jr. (Tagapamuno ng Lupon sa Kapaligiran), na pinangalawahan at sinang-ayunan ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

**IPINAG-UUTOS** ng Kagalang-galang Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1**. Ang kautusang ito ay tatawaging :
**"KAUTUSANG NANGANGALAGA SA KALIKASAN AT NAGREREGULA SA PAGGAMIT AT PAGBEBENTA NG MGA POLYSTERENE MATERIALS TULAD NG MGA PLASTIK BAG, SELOPIN AT STYROFOAM O MGA BAGAY NA DI NABUBULOK NA GINAGAMIT BILANG BALUTAN NG MGA PINAMILI AT IPINAGBIBILING MATERYALES SA BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA AT NAGPAPATAW NG KAUKULANG KAPARUSAHAN SA PAGLABAG DITO".**

PAGGAMIT A
NG PL

## ARTIKULO I

**SEKSYON 2 - SAKLAW:** Ang kautusang ito ay sumasakop sa lahat ng Supermarket, grocery, Retail outlets o Sari-Sari Stores, bolante at may puwesto piho sa pamilihang bayan at iba pang komersyal na establisimyento tulad ng restaurant, food chain, karinderya at naglalako ng pagkain sa lahat ng lugar sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**SEKSYON 3** – *KAHULUGAN NG MGA SALITA*

1. Dry Goods – produktong tuyo at hindi nasisira kahit hindi ilagay sa refrigerator.
2. Supermarket – maganda at malaking pamilihan na makikita ang iba't-ibang uri ng paninda.
3. grocery – tindahan ng mga komestibles o pampagkain.
4. Retail outlet – bilihan ng mga tinitinging paninda.
5. Sari-sari store – maliit na tindahang nagbibili ng iba't-ibang uri ng paninda.
6. Bolante – nagtitinda nang walang pirmihang pwesto.
7. Pwesto-piho – may pirmihang pwestong tulad sa pamilihang bayan
8. Komersyal na Establisimyento – gusali o bahay na ang layunin ay pangangalakal
9. Kalikasan – kapaligirang may katutubong kayamanan

**SEKSYON 4** - ***PAGBUBUO NG LUPON SA PANGANGALAGA NG KAPALIGIRAN (ENVIRONMENTAL PROTECTION COMMITTEE).***

Ang Lupon sa Kapaligiran ay binubuo ng mga sumusunod:

| | | |
|---|---|---|
| Tagapamuno | : | Punong Bayan |
| Pang. Tagapamuno | : | Tagapamuno, Lupon sa Kapaligiran |
| Mga Kasapi | : | Pambayang Pinuno sa Kapaligiran at Likas-Yaman |
| | | Pangulo - Liga ng mga Barangay |
| | | Pangulo- Pederasyon ng Sangguniang Kabataan |
| | | Local Government Operations Officer V |
| | | Tagamasid Pampurok - DEPED |
| | | FIL – Chinese Chamber of Commerce |
| | | Pambayang Tagapag-ugnay sa Pagpalano at Pagpapaunlad |
| | | Pambayang Pinuno sa Kalusugan |
| | | Kinatawan ng Kagawaran ng Kalusugan |
| | | Pambayang Pinuno sa Kagalingang Panlipunan at Pagpapaunlad |
| | | Community Affairs Officer |
| | | Pambayang Inhinyero |
| | | Pambayang Pinuno sa Pagsasaka |
| | | Pambayang Sanidad |
| | | Tagapangasiwa ng Pamilihang Bayan |
| | | Sta. Cruz Market Vendors Association |

**SEKSYON 5** – *KAPANGYARIHAN AT TUNGKULIN NG LUPON SA PANGANGALAGA SA KAPALIGIRAN*

a) Magtalaga ng Pambayang Pinunong Tagapangalaga sa Kapaligiran
b) Magkaroon ng malawakang kabatiran hinggil sa kautusang ito
c.) Magrekomenda ng mga plano at programa para sa pagsasakatuparan ng kautusang ito.
d.) Magsagawa ng pagpupulong tuwing ikatlong buwan ng bawat taon (quarterly)
e.) Subaybayan ang pagsasakatuparan ng kautusang ito

## ARTIKULO II
## PANUNTUNAN SA PAMAMAHALA

**SEKSYON 6** - Hindi pinahihintulutan ang lahat ng komersyal na establisimyento at ayon sa sinasaklaw ng kautusang ito na magbenta o maglabas ng mga polysterene materials tulad ng mga plastik bag at selopin bilang pambalot ng mga pinamili at ipinagbibiling materyales sa bayang ito.

**SEKSYON 7**- Hindi pinahihintulutan ang pagtatatag o pagtatayo ng pagawaan, pag-iimbak at pagbebenta ng mga polysterene materials tulad ng mga plastik bag, selopin at styrofoam sa bayang ito.

**SEKSYON 8** - Sa mga supermarkets, groceries at tindahang nagtitingi ng mga tuyong bagay ay kinakailangang gumamit ng pambalot na materyales gaya ng papel o telang bag, buri bag o bayong, at sako na hindi gawa sa plastik at matitibay na bag. Sa mga babaluting malalaking materyales, maaaring gumamit ng kahon o karton.

**SEKSYON 9** - Sa mga paninda sa pamilihang bayan gaya ng karne, isda, prutas at mga gulay, kailangang balutin ng materyales na nabubulok o materyales na binabanggit sa Seksyon 8.

**SEKSYON 10** - Sa mga establisimyentong binabanggit sa Seksyon 7 ay binibigyan ng tatlong (3) buwan para maubos o magamit ang mga nagawang polysterene materials gaya ng plastik bag, selopin at styrofoam, mula sa pagpapatibay ng kautusang ito at ipapatala sa Lupon sa Pangangalaga sa Kapaligiran para sa kaukulang pribilehiyo.

**SEKSYON 11** - Ang mga pagkaing may kasamang tubig ay pinahihintulutang balutin o ilagay sa hindi nabubulok na plastik na may sukat na 12 x 5 pulgada gaya ng toyo, langis, kape, suka, harina, asukal, ice candy at yelo.

**SEKSYON 12** – Ang mga itatapong polysterene materials tulad ng mga plastik, selopin at styrofoam ay kinakailangang malinis at tuyo bago itapon at ilagay sa basurahan.

## ARTIKULO III
## MGA IPINAGBABAWAL

**SEKSYON 13** - Walang sinuman maging ito ay indibidwal o komersyal na establisimyento ang gumawa ng mga sumusunod:

13.1 Ang magbenta ng polysterene materials tulad ng plastik bags, selopin at styrofoam sa mga mamimili bilang pambalot sa tuyong produkto (dry goods).

13.2 Ang magbenta at maglaan ng styrofoam bilang lalagyan ng pagkain o anupamang bagay.

**SEKSYON 14** – Ang sinumang lumabag sa itinatakda ng Seksyon 13 (prohibited acts) ay papatawan ng kaukulang kaparusahang tulad ng mga sumusunod.

Unang paglabag - multang aabot ng P1,500.00 o pagkabilanggo ng 15 araw ayon sa ihahatol ng hukuman

Pangalawang Paglabag – multang aabot ng P2,000.00 o suspensyon ng business permit sa loob ng tatlong buwan o pareho ayon sa ihahatol ng hukuman

Pangatlong Paglabag - multang aabot ng P2,500.00 at pagbawi ng permiso sa pagnenegosyo at aalisan ng karapatan ang may-ari / operator na magnegosyo sa bayan ng Santa Cruz, Laguna

## ARTIKULO IV
## PAGPAPALAGANAP
## (monitoring)

**SEKSYON 15** - Ang pamahalaang bayan sa pamamagitan ng Pambayang Tagapangalaga sa Kapaligiran kasama ang Pinuno ng Pambayang Manggagamot at Pambayang Sanidad ang mamumuno sa pagpapalaganap ng kautusang ito sa loob ng animnapung (60) araw. Pagkalipas ng itinakdang araw ng pagsasakatuparan ng mga napapaloob sa kautusang ito ay magsusumite ng ulat ang mga nabanggit sa Tanggapan ng Punong Bayan at ng Sangguniang Bayan hinggil sa progreso ng pagpapatupad upang mapag-aralan kung may dapat baguhin sa batas at sa pagpapatupad nito.

**SEKSYON 16** - Ang Pambayang Tagapangalaga ng Kapaligiran ay magkakaroon ng masusing kaalaman, kabatiran at pagpapaliwanag sa pamamagitan ng media (limbag, radyo, television at internet) hinggil sa pagpapalaganap at pagtataguyod ayon sa itinatakda ng kautusang ito tungo sa pagpapanatili ng balanseng ekolohiya sa bayan ng Santa Cruz, Laguna.

**SEKSYON 17**- Ang Tanggapan ng Pambayang Tagapangalaga sa Kapaligiran ay magkakaroon ng listahan ng mga establisimyento na tumutupad sa itinatakda ng kautusang ito at paaalalahanan ang mga mamimili na maghanda ng sariling bag na gawa sa nabubulok na materyales gaya ng papel, telang bag, bayong at sako na hindi gawa sa plastik.

## ARTIKULO V
## PANGHULING PROBISYON
## (Final Provision)

**SEKSYON 18** - Kung anumang probisyon, seksyon o bahagi ng kautusang ito na ipinahayag na mapawalang bisa ng hukuman na may hurisdiksyon sa kaso o sinuspinde ng Sangguniang Panlalawigan, ang pagpapasiya ng mga nabanggit na tanggapan ay hindi makakasama sa ibang probisyon, seksyon o bahagi ng kautusang ito at mananatiling may bisa.

**SEKSYON 19** - Anumang kautusan at alituntunin na salungat sa itinatagubilin ng kautusang ito ay dapat susugan at baguhin nang naaayon sa umiiral na batas.

**SEKSYON 20** - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay at maipaskel sa hayag na lugar sa nilolooban ng 15 araw.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyaang ito ang Kagalang-galang Sangguniang Panlalawigan, Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Inhinyero, Pambayang Ingat-Yaman, Liga ng mga Barangay, Pederasyon ng Sangguniang Kabataan, Pambayang Hukom, Kagawaran ng Pulisya, mga may pwesto-piho sa pamilihang bayan (Sta. Cruz Market Vendors Asso.), Liga ng mga Barangay, mga negosyante o may-ari ng mga bahay-kalakalan at lahat ng mga may kinalaman, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.** **Abril 11, 2011**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kautusang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim

**KGG. FLORENCIO C. ODEJAR**
Kagawad

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. ROLANDO MOISES E. ACAPULCO**
Kagawad

**KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.**
Kagawad

**KGG. RONALD P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. JOSE MAURO D. GABINETE**
Kagawad

NAGPATOTOO:

**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad
Gumanap na Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN**
Punong Bayan